# Paninda sa QC markets, puwede nang bilhin online

Bilang paghahanda sa 'new normal' na kondisyon ng buhay sa panahon na may COVID- 19 pandemic, gagawin nang online ng Quezon City government ang pagbili ng mga residente ng mga kailangang produkto sa mga palengke sa lungsod na malapit sa kanilang lugar.

Ito ay makaraang ilunsad kahapon ng QC government ang Community Mart, isang e-market project na inisyatiba ni Vice president Leni Robredo, na ang mga taga-QC ay maaaring makabili ng farm products at iba pang produkto sa pamamagitan ng mobile application.

Ayon kay Mona Celine Yap, head ng city's Small Business and Cooperatives Development Promotions Office (SBCDPO), dapat maging handa ang mga palengke kung paano buhayin sa ilalim ng 'new normal' sakaling tanggalin na ang enhanced community quarantine (ECQ) matapos ang May 15.

"We are optimistic that Community Mart will serve as springboard for our businesses to climb to a higher level via the digital world. Its business principles will help enterprises become innovative to compete and maintain customers, and will keep the local economy dynamic,"pahayag ni Yap.

Ikinatuwa naman ni QC Mayor Joy Belmonte ang programang ito na may malaking tulong para mabilis at ligtas na makakabili ang mga residente ng mga paninda.

"This is also a win-win situation, as local vendors will be able to continuously make a living while giving customers access to fresh produce from the comfort and safety of their homes," pahayag ni Belmonte .

Sa ilalim ng proyekto, kinuha ng local government ang tricycle operators and drivers associations (TODAs) para magdeliber ng order mula sa palengke.

Ang Community Mart ay unang nasa Kamuning Market na tatanggap ng orders mula sa kalapit lugar sa barangays Obrero, South Triangle, Kamuning, Mariana, Sacred Heart, at Laging Handa. *(Angie dela Cruz)*